Original Article

# Pagkakaiba ng Paggamit ng Wikang Meranaw batay sa Henerasyon: Pananaw ng mga Gurong Generation X sa Konteksto ng Klasrum

Rohannie Mamongcal [1], Cherry Mae Villastique [2], Nadjerah Exsan [3], CJ Ann Bala [4], Alican Pandapatan [5,*]

Received: 13 May 2026; Revised: 25 June 2026;
Accepted: 29 June 2026; Published: 30 June 2026

DOI: https://doi.org/10.66074/J7Y4M1Z8

**Abstrak**

Ang bawat wika ay nagbabago sa bawat henerasyon, hal., Wikang Meranaw. Nilalayon ng pananaliksik na ito na alamin ang ugnayan ng wika at edad sa konteksto ng klasrum. Inalam ang paggamit ng mga mag-aaral sa Wikang Meranaw ng mga Gen Z at Millennials sa pamamagitan ng pananaw at karanasan ng mga gurong Gen X. Gamit ang kwalitatibong disenyo, partikular ang Phenomenological Approach, ay inilarawan ang pananaw at karanasan ng mga guro sa paggamit ng Wikang Meranaw. Lumabas sa pag-aaral na ang edad ay maaaring makaapekto sa paggamit ng wika sa paglipas ng panahon. Ilan sa naging resulta ng pag-aaral ay ang pagbabago sa estilo ng wika, bokabularyo, gramatika, pormalidad ng wika, at sa paraan ng pagsasalita ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, lumabas din sa pag-aaral na ang social media at teknolohiya ay may malaking impluwensiya sa pagbabagong naganap sa Wikang Meranaw ng bawat mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa konteksto at pananaw ng limang Gen X na guro sa paggamit ng Wikang Meranaw ng mga mag-aaral ng Gen Z at Millennials. Dahil dito, inirerekomenda ng mananaliksik na magkaroon ng mas malawak na pag-aaral at mas maraming bilang ng respondente upang mas makita ang pagbabagong naganap sa wika, partikular sa Wikang Meranaw, sa loob ng klasrum.

*Susing-salita*: Gen Z, millennials, klasrum, karanasan, pananaw, wikang Meranaw, teknolohiya, social media

[1] Saphiyyah Integrated School Foundation. Inc., Marawi, Philippines
[2] Adventist Medical Center College, Iligan, Philippines
[3] Bubong Madanding Elementary School, Marantao, Philippines
[4] Mindanao Mission Academy of Seventh-Day Adventist, Inc, Manticao, Philippines
[5] Mindanao State University-Main Campus, Marawi, Philippines
* alican.pandapatan @msumain.edu.ph

Volume 2, Issue 2, June 2026

**Abstract (English)**

Every language evolves across generations, including the Meranaw language. This study aimed to examine the relationship between language and age within the classroom context. Specifically, it explored the use of the Meranaw language among Generation Z and Millennial students through the perspectives and experiences of Generation X teachers. Employing a qualitative research design, particularly the phenomenological approach, the study described teachers' perceptions and experiences regarding the use of the Meranaw language. The findings revealed that age may influence language use over time. Among the observed changes were shifts in language style, vocabulary, grammar, level of formality, and students' manner of speaking. Furthermore, the study found that social media and technology have had a significant influence on the changes occurring in the Meranaw language among students. This study was limited to the context and perspectives of five Generation X teachers regarding the use of the Meranaw language by Generation Z and Millennial students. Therefore, the researcher recommends conducting broader studies with a larger number of participants to gain a more comprehensive understanding of the linguistic changes occurring in the Meranaw language within the classroom setting.

## 1. Introduksyon

Ang wika ay isang mahalagang sangkap na ginagamit ng bawat indibidwal upang ganap na mapaunlad ang pakikipagkomunikasyon. Ang wika ang dahilan kung bakit buhay na buhay ang kultura at tradisyon ng bawat pangkat sa ating bansa. Dahil rin sa wika kung kaya't mabilis na nagkaka-unawaan ang mga mag-aaral sa loob ng klasrum.

Ang Wikang Meranaw ay isang kilalang wikang sinasalita sa malaking bahagi ng Lanao del Norte at Lanao del Sur. Ang mga guro ang siyang lehitimong tagapag-ugnay sa nagaganap na komunikasyon sa loob ng klasrum. Ang matibay na karanasan ng guro sa pagtuturo sa loob ng klasrum ay isa sa mga itinuturing na maaaring maging paraan ng preserbasyon ng wika. Sa paglipas ng panahon, marami nang henerasyon ang lumipas at nagpapatuloy. Ilan sa mga ito ay ang Gen X, Millennials, at Gen Z. Ang bagong lahi ng henerasyon ngayon ay mabilis na nagbabago ang ebolusyon ng diyalekto dahil sa pagkakalantad sa media. Ang edad ay isa pang mahalagang salik na isinasaalang-alang dahil sa kung paano naaapektuhan ng mga henerasyon ang isa't isa (Sydnor, 2023).

Ang Gen Z ang unang henerasyon sa kasaysayan na nanguna sa paggamit ng teknolohiya tulad ng smartphone. Ito ay mabilis na tinanggap hindi dahil bago sa paningin, bagkus ay naging bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng mga tao (LeDuc, 2019). Ito ang patunay kung bakit sa henerasyong ito, ang kanilang paraan ng pananalita, gramatika, at bokabularyo ay lubos na naaapektuhan.

Ang Gen Y, na kilala bilang mga Millennials, ay ipinanganak sa pagitan ng 1980 hanggang 1995. Sila ay lumaki habang mabilis na lumalaganap ang internet at digital na teknolohiya. Dahil dito, sila ay may natural na pagkakaugnay sa teknolohiya at

kalimitang natutukoy bilang "digital natives" (Bencsik et al., 2016). Ito ang dahilan kung bakit ang mga Millennials ay pamilyar sa teknolohiya. Samantalang malaki naman ang kaibahan nila sa mga Gen X. Ayon kay Wiedmer (2015), ang Generation X ay nahubog sa gitna ng mga pagbabagong panlipunan at pang-ekonomiya na nagdulot ng pag-usbong ng pagiging independiyente at self-reliant. Ang mga karanasang ito ay nag-ambag sa pagbuo ng kanilang matatag na pagpapahalaga sa sariling kakayahan at pananagutan. Kung kaya't sa pag-aaral na ito, ang mga gurong Gen X ang piniling pagkukunan ng datos upang masiguro ang pagkakaibang naganap sa paggamit ng Wikang Meranaw sa bawat henerasyon.Sa pagtukoy sa pagkakaiba ng wika ng mga magkakaibang henerasyon, ang mga sumusunod na suliranin ay tinukoy at sinagot:

1. Paano inilalarawan ng mga gurong Gen X ang paggamit ng wikang Meranaw sa konteksto ng klasrum batay sa iba't ibang henerasyon?
2. Ano-ano ang pagkakaiba sa bokabularyo, pormalidad ng wika, estilo ng pananalita, at paraan ng pakikipagkomunikasyon sa paggamit ng Wikang Meranaw sa bawat henerasyon?
3. Ano-ano ang epekto ng social media at teknolohiya sa mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Meranaw?

## 2. Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang pangunahing paraan ng komunikasyon sa henerasyon ngayon ay sa pamamagitan ng mga social platform (Jeresano & Carretero, 2022). Mula sa pag-aaral nina Moremen et al. (2024), natuklasan na ang mga naunang henerasyon, kabilang ang Baby Boomers at mga nakatatandang Millennials, ay may mababang kumpiyansa sa kanilang kakayahang umunawa ng teksto mula sa mga online na sanggunian, lalo na sa pagtitipon ng mga datos.

Hindi nakakapagtakang binago ng social media ang paraan kung paano tayo nakikipagkomunikasyon sa isa't isa. Ito'y nakakaapekto ngayon sa ating pang-araw - araw na pamumuhay; naapektuhan nito hindi lamang kung paano tayo makisalamuha, kundi pati na rin kung paano natin tingnan at panindigan ang koneksyong interpersonal (Jebaselvi et al. 2023). Isa sa mga patunay ng pagbabagong ito ay ang paglabas ng mga balbal na salita. Ang salitang balbal o slang sa internet ay umaasa sa konteksto ng pagbabahagi ng kaalaman, kung saan ito'y mahirap maintindihan ng mga taong hindi pamilyar sa mga online trends o pangyayaring nagaganap sa social media (Yang, 2024).

Mula sa pag-aaral nina Nobleta at Eliaga (2024) na ang mga salitang ginagamit ng Generation Z ay dumaaan sa iba't ibang prosesong morpolohikal na nagpapakita ng pagiging dinamiko at patuloy na pagbabago ng wika. Ipinakita rin ng kanilang pag-aaral na malaki ang impluwensiya ng social media at modernong komunikasyon sa pagbuo ng mga bagong anyo ng wika. Ito ang dahilan kung bakit may naganap na pagbabago sa Wikang Meranaw sa paggamit nito sa loob ng klasrum sa paglipas ng

henerasyon. Isa pang mahalagang kadahilanan sa paghubog ng slang o salitang balbal ng Gen Z ay ang interaksyon ng parehong edad.

Ang social media ay naging makabuluhang salik sa pag-unlad ng linggwistika at mga usong salita. Ang plataporma ng ito ay radikal na binago kung paano tayo nakikisalamuha sa parehong online at harapang komunikasyon, mula sa mga acronym hanggang emoji, pati na rin sa mga meme at hashtag (Jebaselvi et al., 2023). Kung bibigyang-pansin natin ang mga Filipinong Gen Z, tiyak na alam na alam nila ang mga uso sa social media. Ang mga Filipinong Gen Z ay inilalarawan na may sapat na kaalaman sa kapangyarihan ng teknolohiya na ginagamit sa pagbabahagi ng kaalaman at sabik sa mas maraming interaksiyon (Maghirang, 2019).

Kagaya ng Wikang Meranaw, maraming wika sa mundo ang naapektuhan ng pagbabago sa mga nakalipas na taon. Ang Wikang Ingles ay isang dominanteng wika sa internasyonal na negosyo, agham, at teknolohiya na pangunahing dahilan ng malawakang paglaganap at pakikibagay nito. Ang pangyayaring ito ay kilala bilang Englishization. Naapektuhan nito hindi lamang ang mga netibong tagapagsalita, bagkus pati ang mga tagapagsalita ng Ingles na nagsasama ng mga elemento ng ibang wika sa kanilang pagsasalita (Jenkins, 2015). Napag-alaman ni Jenkins (2015) na may higit sa 1.5 bilyong tao ang malawakang gumagamit ng Ingles bilang pangalawang wika, at ang bilang na ito ay inaasahang madaragdagan pa, na higit na makaaimpluwensiya sa ebolusyon ng Ingles sa buong mundo. Ang Wikang Ingles ay isa sa mga itinuturing na dahilan ng malawakang pagbabagong naganap sa Wikang Meranaw sa loob ng klasrum. Upang maipaliwanag sa mga mag-aaral ang konteksto ng aralin, kinakailangang gumamit ng Wikang Ingles upang ito ay maintindihan.

Ayon sa pag-aaral ni Crystal (2006), ang Oxford English Dictionary ay nagdadagdag ng daan-daang salita kada taon, kung saan ang ilan dito ay nalikha sa social media. Ang mga bagong terminong ito ay kalimitang pumupuno sa puwang, nagbibigay ng maikling paraan sa paglalarawan ng mga bagong pangyayari at pag-uugali na nag-uugnay sa digital na komunikasyon. Ang pangyayaring ito ay taliwas sa karanasan ng henerasyon ng Millennials sapagkat lumaki sila na hindi pa ganoon kaganap ang social media.

Ang phenomenological research ay nagpapaliwanag sa pang-araw-araw na karanasan na maaaring makaimpluwensiya sa kaalaman at pang-unawa sa partikular na sitwasyon. Ang kaalaman at pang-unawa ay nakatali sa pang-araw-araw na mundo, at pinaniniwalaan na ang kaalaman ay hindi maaaring mabilang o mabawasan sa pamamagitan ng estadistika. Bilang karagdagan, ang mga phenomenologist ay naniniwala na ang katotohanan at pag-unawa sa buhay ay lumalabas mula sa karanasan sa buhay ng isang tao (Byrne, 2001).

## 3. Metodo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo upang alamin ang mga pananaw at karanasan ng mga gurong kabilang sa Henerasyong X hinggil sa paggamit ng Wikang Meranaw ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang henerasyon sa

konteksto ng klasrum. Ayon kay Creswell (2022), ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik ay nakatuon sa masusing paggalugad at pag-unawa sa mga karanasan, pananaw, at interpretasyon ng mga tao kaugnay ng mga penomenong panlipunan sa kanilang likas na kapaligiran. Sa pamamagitan ng disenyong ito, sinuri ng mga mananaliksik ang mga karanasan ng mga gurong Gen X kaugnay ng mga pagbabagong naganap sa paggamit ng Wikang Meranaw sa loob ng klasrum at binigyang-kahulugan ang mga nakalap na datos upang maipakita kung paano nakaaapekto ang edad sa pagkatuto at paggamit ng wika ng bawat indibidwal.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang Interpretative Phenomenological Analysis (IPA) nina Smith at Fieldsend (2021) upang suriin ang mga karanasan, pananaw, at interpretasyon ng mga gurong Gen X hinggil sa mga pagbabagong naganap sa Wikang Meranaw at sa impluwensiya ng social media at teknolohiya sa paggamit nito sa loob ng klasrum. Ang mga kalahok ay binubuo ng limang gurong kabilang sa Henerasyong X na may hindi bababa sa 15 taong karanasan sa pagtuturo, kasalukuyang nagtuturo sa kapaligirang gumagamit ng Wikang Meranaw, at boluntaryong pumayag na lumahok sa panayam. Ang pangunahing paraan ng pangangalap ng datos ay ang indibidwal na harapang panayam na nakatuon sa mga pagkakaiba sa paggamit ng Wikang Meranaw sa iba't ibang henerasyon, mga estilo ng paggamit ng wika ng mga mag-aaral, at mga epekto ng social media at teknolohiya. Upang matiyak ang katumpakan ng mga datos, gumamit ang mga mananaliksik ng audio recording at masusing pagtatala ng mga tugon, na isinagawa nang may pahintulot ng lahat ng kalahok.

Sa pagsusuri ng mga datos, hinango ng mga mananaliksik ang mga hakbang mula sa Interpretative Phenomenological Analysis nina Smith et al. (2021). Una, itinala at inayos ang mga datos matapos mapakinggan ang mga audio recording. Pangalawa, maingat na isinalin sa Filipino ang mga nakalap na datos upang higit na maunawaan ang nilalaman ng mga ito. Pangatlo, paulit-ulit na binasa at sinuri ang mga datos upang matukoy ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa mga pananaw at karanasan ng mga kalahok. Pang-apat, tinukoy at pinili ang mahahalagang ideyang may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Panlima, pinagsama-sama ang mga magkakaugnay na ideya upang makabuo ng mga pangunahing tema na nagsilbing batayan sa interpretasyon ng mga natuklasan.

## 4. Resulta

Sa bahaging ito, inilahad ang mga naging resulta ng isinagawang panayam. Ang mga datos ay inilahad batay sa pagkakasunod-sunod ng paglalahad ng suliranin.

**Talahanayan 1.** Ang wikang Meranaw sa loob ng klasrum.

| Tema | Paglalarawan |
|---|---|
| Wikang Meranaw bilang wikang Panturo | Ang mga guro ay gumagamit pa rin ng Wikang Meranaw bilang wikang panturo sa loob ng klasrum upang mas mabilis na maunawaan ng mag-aaral ang mga aralin. |
| Paghahalo-halo ng mga wika | Ang wikang Meranaw sa loob ng klasrum ay nahahaluhan ng wikang Tagalog at madalas ang Wikang Ingles. |
| Pagbaba ng gumagamit ng Wikang Meranaw | Mas marami at madalas ang paggamit ng mga mag-aaral ng wikang Ingles at Tagalog kaysa sa purong Wikang Meranaw |
| Pagbabago sa paggamit ng Wika ng mga mag-aaral. | Nagkaroon ng pagkakaiba sa paggamit ng wika sa pagitan ng Millenials at Gen Z. |

Ipinakita sa Talahanayan 1 ang pagbabagong naganap sa wikang Meranaw sa loob ng klasrum batay sa pananaw ng limang gurong Gen X. Lumabas sa pag-aaral na ginagamit pa rin naman ang Wikang Meranaw bilang wikang panturo ng sa ganoon ay mabilis na maunawaan ng mga bata ang aralin, subalit mas nahaluan na ito ng Ingles at Tagalog. Lumabas rin sa pag-aaral na maraming mag-aaral ang gumagamit ng wikang Tagalog at Ingles kaysa sa purong Meranaw.

**Talahanayan 2.** Bokabularyo at pormalidad ng wikang Meranaw.

| Tema | Paglalarawan |
|---|---|
| Paglitaw ng mga bagong bokabularyo | Mas gumagamit ang Gen Z ng mga bagong bokabularyo na hindi pamilyar sa mga guro. |
| Paggamit ng abbreviations | Laganap ang paggamit ng abbreviations o pagpapaikli ng salita sa Gen Z kaysa sa mga Millenials. |
| Pagbabago sa pormalidad ng wika | Sa panahon ng Gen Z naging karaniwan ang paggamit ng shortcuts, pagapaikli ng salita, slang expressions at Taglish. |
| Impluwensiya ng teknolohiya | May malaking epekto ang teknolohiya at gadgets sa paglinang ng wikang Meranaw ng mga mag-aaral. |

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang pagkakaiba sa bokabularyo at pormalidad ng Wikang Meranaw sa pagitan ng Gen Z at Millennials. Lumabas sa datos na mas madalas gumamit ang Gen Z ng abbreviations, pagpapaikli ng salita, at mga ekspresyong nagmula sa social media.

**Talahanayan 3.** Estilo ng pananalita at pakikipagkomunikasyon.

| Tema | Paglalarawan |
|---|---|
| Paggalang sa mga guro | Mas nakita ng mga kalahok na gurong Gen X ang paggamit ng magagalang na pananalita ng Millenials. |
| Pagbabago sa pakikipagkomunikasyon | Nagkaroon ng pagbabago sa pakikipag-ugnayan ang mga Gen Z sa kanilang mga guro |
| Pagkawala ng ilang kaugaliang pangkomunikasyon | Hindi na gaanong gumagamit ng magagalang na salita tulad ng ‘po’ at ‘opo’ at pagbati sa mga guro ang mga mag-aaral na Gen Z. |
| Impluwensiya ng media | Nabanggit ng limang guro na malaki ang impluwensiya ng media sa pananalita at pag-uugali ng mga mag-aaral. |

Ipinakita sa Talahanayan 3 ang pagkakaiba sa Estilo ng pananalita at komunikasyon sa pagitan ng Gen Z at Millennials. Batay sa mga datos na inilahad ng limang guro nakita nila ang paggalang at paggamit ng kaugaliang pangkomunikasyon sa mga mag-aaral na Millenials kaysa mga mag-aaral na Gen Z.

**Talahanayan 4.** Epekto ng social media at teknolohiya sa pagbabago ng wika.

| Tema | Paglalarawan |
|---|---|
| Negatibong epekto sa gramatika | Naging sanhi ang paggamit ng abbreviation at pagpapaikli ng salita sa pagbabago ng gramatika ng mga mag-aaral. |
| Pagbaba ng retensyon sa pag-aaral | Inilahad ng limang guro ang kakulangan sa pokus at pag-unawa sa mga aralin ng ilang mag-aaral na Gen Z. |
| Positibong epekto sa pagkatuto ng wika | Nakatulong ang media sa mga mag-aaral sa pagkatuto ng ibang wika tulad ng Ingles. |
| Pagbabago ng wikang ginagamit ng kabataan | Naging daluyan ang teknolohiya sa paglitaw ng mga bagong termino at ekspresyon. |

Ipinakita sa Talahanayan 4 ang positibo at negatibong epekto ng social media at teknolohiya sa mga mag-aaral. Ayon sa datos na nakalap ipinakita na may epekto ang teknolohiya at media sa pagkatuto ng gramatika at pokus sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ngunit ang mga ito ay nakakatulong rin sa paglinang at pagkatuto ng panibagong wika.

## 4. Diskusyon

Sa bahaging ito ay tinalakay ang diskusyon ng mga resulta ng pag-aaral. Inilahad ang mahahalagang natuklasan sa ginawang pananaliksik.

*4.1 Ang Wikang Meranaw sa Loob ng Klasrum*

Lumabas sa pag-aaral na ginagamit pa rin ng mga guro ang Wikang Meranaw bilang pantulong na wikang panturo upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin. Ito ay makikita sa pahayag ng isang respondente:

> *"Skami a teacher sa elementary na katharo ame na Meranaw, kapangwasiyat, so bida-bidaadn o letters ago tuladan, so Filipino a subject na Filipino a language, pero igira English na pugosarun ame na Meranaw ka di siran sabot sa Ingles, pag english kami na ip-transfer ame sa Meranaw..."* (Kaming mga guro sa elementarya, ang aming wika ay Meranaw sa pagtuturo, lalo na sa pagkakaiba-iba ng letra at larawan. Kapag Filipino ang asignatura, Filipino din ang wika, pero kapag Ingles, gumagamit kami ng Meranaw dahil hindi sila nakakaintindi ng Ingles. Nagsasalita kami ng Ingles pero isinasalin namin sa Meranaw…).

Ipinakita ng datos na gumagamit ang mga guro ng Wikang Meranaw upang maging mas malinaw ang pagtuturo ng mga aralin. Lumitaw rin na nahahaluan na ng Ingles at Tagalog ang Wikang Meranaw sa loob ng klasrum.

> "*Miyabinasa so basa Meranaw kasi kahit nagdi-discuss ako sagol pa rin ang Tagalog, Ingles at Meranaw. Bapiya saken na sagol phakageraw ako a prelae ako niyo ka di ako di mamangdaw sa madrasah ago eskwelaan. So language imanto na miyadala a generation kadaklun a basa bapiya so Meranaw na miyabinsa, da khatoon ka a peur a Meranaw.."* (Nasira ang Wikang Meranaw dahil kapag nagtuturo rin ako, magkahalo ang Tagalog, Ingles, at Meranaw. Kahit ako, sinasabi ko sa mga bata na pagpasensyahan nyo ako dahil nagtuturo ako sa madrasah at paaralan. Ang wika ngayon ay nadala na ng henerasyon dahil sa maraming wika, kahit ang Meranaw ay nasira. Wala ka nang mahahanap ngayon na purong Meranaw.).

Batay kina Moremen et al. (2024), natuklasan na ang isa pang dahilan kung bakit naapektuhan ang mga Millennials sa paggamit ng slang o balbal na salita ay dahil sa kakulangan o kawalan ng kumpiyansa na maunawaan ang teksto sa online. Tulad ng isinalaysay ng mga gurong Gen X, kanilang niyayakap ang digital na mundo upang maayos na maipaliwanag sa mga bata ang mga dapat maunawaan sa mga aralin. Bagamat ang Wikang Meranaw ay itinuturing na katutubong wika na pantulong sa mga mag-aaral sa mga aralin, ito rin ay pagkakakilanlan ng identidad at kultura. Hindi maipagkakailang ang estruktura nito ay unti-unting nagbabago sa paglipas ng henerasyon. Ngunit ang pagbabagong ito ay hindi sinadya, bagkus ito ay nangyari sa dalawang kadahilanan: una, dahil sa kapaligiran, at pangalawa, dahil sa pangangailangan ng mga guro upang maayos na maituro ang mga aralin.

Ayon pa sa isang respondente "*miyangibabaw imato ang Ingles, miyada so dayalek, miyada so mother tongue, miyalibog so wata*." (nangibabaw ngayon ang Ingles, nawala ang dayalek, nawala ang mother tongue, nalito ang bata). Ang pahayag na ito ay nagbibigay-linaw na ang paggamit ng wika sa loob ng klasrum ay nagbabago sa paglipas ng panahon. Ang dating nakasanayang Wikang Meranaw bilang wikang panturo ay unti-unting napalitan ng Ingles at Tagalog. Ang pagbabagong ito ay may malaking epekto sa wika kung kaya't may mga salitang Meranaw na hindi lubos nauunawaan ng mga mag-aaral dahil sa panghihiram o paggamit ng ibang wika. Ang mga kasong ito ay maaaring magdulot ng pagkalimot sa mga salita, at kapag ang isang salita ay hindi nagamit sa paglipas ng panahon, ito ay maaaring mamamatay at mawala.

Ang paggamit ng Wikang Meranaw sa loob ng klasrum ay naipapakita sa pamamagitan ng ugnayan ng mga mag-aaral at guro. Ang Wikang Meranaw bilang wikang panturo ay unti-unti ring napapalitan sa loob ng klasrum. Ito ay dahil sa pagdami ng mga mag-aaral na ang nakamulatang wika ay Ingles. Sa madaling salita, kung ano ang unang wikang kinamulatan ng isang indibidwal, ito ang kaniyang madadalang wika sa kaniyang paglaki. Tulad ng nabanggit ng isang respondente,

> *"Sa pagsasalita ng mga estudyante noon Meranaw ang ginagamit, kung Meranaw, Meranaw ang sinasabi, marami ang gumagamit ng Meranaw. Yung ngayon Meranaw ka pero Tagalog ang ginagamit ng mga bata. Marami na ngayon na English speaking, kapag ingles ang sinasalita ng bata hindi na siya nakakapagsalita ng Tagalog. Maraming Inglesherong mga bata ang bulok sa Meranaw at Tagalog, hindi katulad noon na walang Ingles kasi mother tongue ang ginagamit..."*

Ito ay may kaugnayan sa naging pag-aaral ni Jenkins (2015), ayon sa kaniya na may humigit isang bilyong tao ang gumagamit ng Ingles at patuloy ang ebolusyon nito dahil sa paggamit nito ng mga magkakaibang tao. Sa pagdami ng gumagamit ng Wikang Ingles, dadami rin ang tuluyang makakalimot sa katutubong wika. Nagkakaroon ng banta sa lakas ng isang wika dahil mas nangingibabaw ang dominanteng wika sa lipunan (Pandapatan et al., 2025).

Lumabas sa pag-aaral na sa loob ng klasrum, ang wikang ginagamit ng mga mag-aaral at guro ay hindi lamang nananatili sa Wikang Meranaw o sa iisang wika, bagkus ito ay nagbago sa paglipas ng panahon. Ipinakita ng datos na sa panahon ng Millennials, nangingibabaw ang Wikang Meranaw bilang wikang ginagamit ng guro at mag-aaral. Ngunit sa pagpasok ng Gen Z, ang paggamit ng Wikang Meranaw sa loob ng klasrum ay nahaluan ng Ingles at Tagalog. Dahil sa panahon ng Gen Z, maraming mag-aaral ang nakibagay sa ibang wika tulad ng Ingles.

*4.2 Bokabularyo at Pormalidad ng Wikang Meranaw*

Naitala sa pag-aaral na nagkaroon ng pagkakaiba sa bokabularyo at pormalidad ng wikang Meranaw ang Gen Z at Millennials. İto ay batay pa rin sa pananaw at karanasan ng mga gurong Gen X sa loob ng klasrum. İlan sa mga naitalang pagkakaiba ay ang sumusunod:

Una ay ang paglikha ng mga Gen Z ng mga salita na nagdudulot ng hindi pagkakaintindihan sa pagitan ng mag-aaral at ng guro.

> *"Madakel imanto a basa Meranaw o wata a di ame katawan, ka siran bo nagkakaintindihan, ka miya-adopt iran sa social media.."* (Marami ngayon ang salitang Meranaw ng mga bata ang hindi namin alam, sila lamang ang nagkakaintindihan, nakuha nila sa social media). Dagdag pa ng isang respondente,
> *"Yung mga bata noon hindi gumagamit ng abbreviations, ngayon more on abbreviations, wrong spelling pen, because of technology, adna mga words a di ta pen p'saboten.."* (Ang mga bata noon ay hindi gumagamit ng mga pagpapaikli ng salita, ngayon mas gumagamit na ng pagpapaikli ng salita, minsan mali pa ang ispeling, dahil sa teknolohiya, may mga salita sila na hindi maintindihan...)

Ang mga pahayag na ito ng mga gurong Gen X ay nagpapakita ng pagbabago sa pormalidad ng wikang Meranaw. İsa sa itinuturong dahilan ay ang paggamit ng social media at teknolohiya ng mga mag-aaral. Ayon pa sa isang karanasan ng isang guro, ang mga Millennials ay mas gumagamit ng pormal na wika, dahil ang mga Gen Z ngayon ay nahihilig gumamit ng cellphone, kung kaya't may mga salita sila na hindi maintindihan.

*"Mimbaloy a taglish, korang sa grammar bapiya si Fatima (isang millennials) na di iran katawan so ped a terms a Meranaw.. Adna mga shortcut iran, so p'tharoon iran na di makaaantap piya-piya.."* (Naging taglish, kulang sa gramar kahit si Fatima hindi niya alam ang ibang termino sa Meranaw. May mga shortcut sila, may mga sinasabi silang hindi direkta ng maayos. Ilan sa mga salitang nabanggit na ginamitan ng pagpapaikling salita at slang o balbal na salita ay ang ILY bilang pagpapaikli salitang I Love You, ang ATM bilang pagpapaikli sa At the Moment, ang balbal na salita na igop na kabaliktaran ng pogi at ang nauusong bukambibig ng mga mag-aaral ngayon ang Six-Seven.

Dagdag pa rito ang tanong na "were are you sung?" o saan ka pupunta?, kung saan ang tanong na ito ay pinaghalong wikang Ingles at Meranaw. Ilan lamang ito sa mga ekspresyon ng kabataan na nagpabago sa pormalidad ng wikang Meranaw. İto ay alinsunod sa ginawang pag-aaral nina Juli et al. (2024). Ayon sa kanila, ang Gen Z ay kalimitang gumagamit ng pagpapaikli ng salita o abrebasyon at ang malikhaing maling pagbigkas kaysa sa mga Millennials, na sumasalamin sa pagbabagong adaptasyon sa digital na komunikasyon tulad ng TikTok and Instagram.

Ang kakayahang umangkop ng kanilang slang o balbal na salita ang nagpapahintulot na gamitin ito sa pormal at impormal na konteksto, na nagpapakita ng makabagong dulog sa wika. “Lumabas sa pag-aaral na ito na nagbabago ang pormalidad ng wika dahil nagbabago din ang panahon at henerasyon. Sa paglipas ng panahon may mga salitang naiimbento dahil sa paggamit teknolohiya at social media.

Samakatuwid, ang pagkahilig ng mga kabataan ngayon sa paggamit ng cellphone ay isa sa mga kadahilanan ng pagbaba ng bokabularyo sa isang wika. Dahil sa nakasanayang paggamit ng maiikling salita sa social media, kung kaya’t pagdating sa klasrum, ito rin ay kanilang nagagamit. Ayon sa pag-aaral nina Juli et al. (2024), sa paggamit ng teknolohiya, ang Gen Z ay kayang bumuo ng panibagong paraan upang maibahagi ang kaniyang kaisipan nang direkta, sa pamamagitan ng paggamit ng abbreviations o pagpapaikli ng salita na nagiging daan sa hindi tamang pagbigkas ng teksto. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa mga naging karanasan ng mga guro sa paggamit ng Wikang Meranaw ng mga mag-aaral na nagiging sanhi ng pagkawala ng pormalidad ng wika.

### *4.3 Estilo ng Pananalita at Pakikipagkomunikasyon*

Sa bahaging ito tinalakay ang estilo ng pananalita at ang paraan ng pakikipagkomunikasyon ng dalawang henerasyon. Ang klasrum ang sentro ng pakikipag-ugnayan ng bawat mag-aaral. Dito nagaganap ang pagpapalitan ng wika ng bawat isa. Sa pagitan ng Millennials at Gen Z, makikita natin ang kaibahan ng pakikipag-ugnayan ng bawat henerasyon sa kanilang mga guro.

> *“Mas respetado ang mga boses ng mga bata noon, so imanto na igira kowan na hindi na sila nagte-teacher para ka na nilang klasmeyt…”* (Mas marespeto ang mga boses ng mga bata noon, kasi ngayon hindi na sila tumatawag ng teacher para ka na nilang kaklase...)

Ang pahayag na ito ay may kaugnayan rin sa sinabi ng isang guro. Wika niya,

> *“Imanto na miyada so adat iran, knaba laged ko gowani mailay ame so teacher ame na geraw kami sa Good Morning Ma’am. Di ame di pangdaw so GMRC pero balewala kiran..”* (Ngayon nawala ang magandang pag-uugali ng mga bata. Hindi katulad noon na kapag nakita namin ang aming guro nagsasabi kami ng Good Morning. Itinuturo namin ang GMRC pero balewala sa kanila.)

Ang ilan sa mga nabanggit na ito ay mga patunay sa pagkakaiba ng estilo at paraan ng pakikipagkomunikasyon ng mga mag-aaral ng Gen Z at Millennials. Ang simpleng pagbati sa guro ng magandang umaga at maayos na tono na may respeto ay ilan lamang sa pagpapakita ng maayos na komunikasyon ng mag-aaral sa pagitan ng guro. Ang pakikinig sa guro at pagsunod sa kaniyang inuutos ay pagpapakita ng

maayos na paraan ng pakikipagkomunikasyon. Sapagkat sa pamamagitan ng di-berbal na kilos ay maipapadama mo sa guro ang respeto.

Sa bahaging ito ipinakita ang kaibahan ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aral ng Gen Z at Millenilas. Sa estilo ng pananalita batay sa naging karanasan ng mga guro mas kinakitaan nila ng paggalang at may respeto ang Millennials. Samantalang ang mag-aaral ng Gen Z inilarawan nila bilang kabaliktaran. Dito pumapasok ang pare-parehong opinyon ng mga guro na kaya malaki ang pinagbago ng mag-aaral ng Gen Z ay dahil sa kanilang napapanood sa telebisyon at media. Wika ng isang guro,

> "*Noon opo teacher, ngayon wala ng opo, mala so bidaan o generation noon ago imanto. Behave pen so mga wata noon. İmanto na hindi na sila behave. Minsan kung ano ang napapanood nila ina-apply nila...*" (Noon opo tecaher, ngayon wala ng opo. Malaki ang pinagkaiba ng henerasyon noon at ngayon. Ang mga bata noon ay mabait. Ngayon hindi sila ganoon. Minsan kung ano ang napapanood nila yaon ang ginagawa nila.)

Ang kasagutang ito at naging karanasan ng isang guro ay may kaugnayan sa naging pag-aaral ni Crystal (2006), ayon sa kaniya ang Oxford English Dictionary ay nagdadagdag ng daan-daang salita kada taon, kung saan ang ilan dito ay nalikha sa social media. Ang mga bagong terminong ito ay kalimitang  pumupuno sa puwang, nagbibigay ng maikling paraan sa paglalarawan ng bagong pangyayari at pag-uugali na nag-uugnay sa digital na komunikasyon. Batay sa gurong nakapanayam ang pag-usbong ng social media at ang iba't ibang palabas na napapanood sa telebisyon at iba pang gadgets ang nakikitang dahilan sa pababago sa pag-uugali at pananalita ng Gen Z sa kasalukuyan.

Sa bahaging ito nailahad ang mga karanasan ng mga gurong Gen X sa pagkakaiba ng Gen Z at Millennials sa estilo at paraan ng pakikipagkomunikasyon. Malaki man ang pagkakaiba ng dalawang henerasyon, ito ay patunay na ang bagong henerasyon ng Gen Z ay nakikisabay sa kung ano ang idinidikta ng lipunan. Dahil sa pagtangkilik ng bawat indibidwal sa digital na komunikasyon kung kaya't nagbabago rin ang ating pamamamaraan.

### *4.4 Epekto ng Social Media at Teknolohiya sa Pagbabago ng Wika*

Ang telebisyon o ang iba't ibang uri ng gadget tulad ng selpon at tablet ang isa sa itinuturing na dahilan kung bakit ang Generation Z ay unti-unti nang nakakalimot sa paggamit ng wikang Meranaw. Ito ay dahil ang mga Gen Z ay namulat na sa iba't ibang teknolohiya at midya. Maraming palabas sa telebisyon ang nagturo sa mga mag-aaral ngayon upang maging magaling sa wikang Ingles. Ang ilang mga sumikat na ekspresyon o mga salita ay nalikha dahil sa social media. Ang ilang paraan o estilo ng pananalita ay nagaya nila sa kanilang napapanood gaya ng nabanggit sa itaas na bahagi.

Mula sa karanasan at pananaw ng limang guro may mga nagsasabing may masamang epekto ang social media at teknolohiya sa paggamit ng wikang Meranaw. Ayon kay Mariam,

> *"So kaosar sa abbreviation na minimbago anan. Minsan miyabinasa so language kay mikorang siran sa grammar kasi kaka-selpon na mga shortcut igira kowan na kisorat iran na nakadepende rkata a maestra o kasabotan ta odi.."* (Ang paggamit ng pagpapaikli ng salita ay bago lang yan. May pagakaktaon na nasira ang wika dahil nagkulang sila sa grammar kasi sa selpon gumagamit ng pagpapaikli minsan naisusulat nila ito at nakadepende sa iyong guro ang pagkaintindi.)

Batay sa kaniyang sinabi isa sa epekto ng social media at paggamit ng mga gadgets tulad ng selpon ay ang pagkalimot ng mga bata sa paggamit ng maayos na gramatika. Dahil sa pagka-uso ng mga bagong salita, ito na rin ang ginagamit ng mga mag-aaral sa paaralan. Ang mga aplikasyon at mga tool na mayroon sa kasalukuyan ay kinahuhumalingan ng bagong henerasyon at may epekto ito sa kanilang pagtangkilik sa una nilang wika (Pandapatan et al., 2026).

İsa rin sa naging masamang dulot ng midya at teknolohiya ay ang pagkawala ng gana ng mga mag-aaral sa pag-aaral. May ilang guro ang nagsasabi na dahil sa mga ito humina ang retensyon ng mga bata sa pag-unawa sa mga aralin. Dahil nawawala ang pokus nito sa pag-aaral.

> *"Korang sa sabot ago retention so wata imanto, so before na matotordo iran so subject iran kasi tv bo i pkhailay iran. So imanto na technology, cellphone, internet, miyabimbang siranon..."* (Kulang sa pag-unawa at pag-alala ang mga mag-aaral ngayon. Dati mas nabibigyang pansin ang kanilang mga asignatura kasi telebisyon lamang ang kanilang nakikita. Ngayon teknolohiya, selpon, internet, doon sila nahumaling.)

Malinaw na ipinakita sa bahaging ito na ang paggamit ng social media at teknolohiya nang tahasan ay nakabababa ng pag-unawa ng bata sa kaniyang aralin. Ayon sa mga guro, maganda ang mga teknolohiya para sa mga batang kayang gamitin ito sa maayos na paraan. Ayon kay Soriano at Cabalquinto (2023), ang teknolohiya ay may mahalagang gampanin sa ating lipunan; ito ay nagsisilbing kagamitan upang ipalaganap ang impormasyon, pagbabahagi ng opinyon, at ang pag-uugnay ng bawat tao anuman ang lahi, edad, kasarian, at estado nito sa buhay. Ito rin ang naging daan ng mga influencer na makaimpluwensiya sa mga tao sa pamamagitan ng ebolusyon ng wika at ang pagsikat ng slang o salitang balbal sa social media. Ang pag-aaral na ito ni Soriano ay nagpapakita ng positibong epekto ng social media. Tulad ng pananaw ng mga guro, ang social media at teknolohiya ay may mabuti ring dulot sa mga mag-aaral. Katulad ng sinabi ni Fatima:

> *"... laged iyan na so mga wata imanto. Kaphakasowa iran tharo na sa mga kambantay iran sa videos ago cartoons.."* (…katulad ng mga bata ngayon. Natuto silang magsalita dahil sa panonood ng mga video at cartoons).

Dagdag pa ng isang respondente,

> *"miyaka-ogop so social media ka roo siran miyakatharo sa katharo a english.."* (Nakatulong ang social media kasi dun sila natutong magsalita ng ingles.).

Malinaw na naipakita ang mabuting dulot ng social media sa mga mag-aaral. Dahil sa tulong ng mga video na napapanood ay nakakaunawa ang isang mag-aaral ng panibagong wika. Dahil sa tulong ng teknolohiya natututo nag bata na makipag-ugnayan sa ibang tao. Ngunit naniniwala ang isang guro na hindi sapat ang mga napapanood sa midya at telibisyon. Dapat itong maituro muli sa mga mag-aaral nang sa ganoon ay mas maunawaan nila ng maayos.

Ang mga pagbabagong ito sa wika ay hindi sadya, ito ay isang penomenon na nangyayari sa umuunlad na wika lalo na't mabilis ang pagsulpot ng iba't ibang teknolohiya na nagiging rason upang makabuo ng panibagong mga termino ang mga tao na nabubuhay sa bawat henerasyon. Ang obserbasyon na ito ay hindi lamang isang kuwento na nangyari sa Wikang Meranaw, ito ay isang patunay na ang wika ay buhay at kailangan magbago upang manatiling angkop sa panahon o henerasyon na gumagamit nito. Samakatuwid, sinasalamin ng pagbabago ng wika sa bawat henerasyon ang kapaligiran nito, gaya na lamang sa dihital na panahon mas sanay, at katunayan, nagiging bahagi ang teknolohiya sa pamumuhay ng kasalukuyang henerasyon at sa mga susunod pa.

## 5. Konklusyon

Lumalabas sa pag-aaral na nagkaroon ng malaking pagbabago sa paggamit ng wikang Meranaw sa konteksto ng klasrum ng dalawang henerasyon, ang Gen Z at Millennials. Ang wika ay dinamiko dahil ito ay nagbabago. Dahil dito malinaw na naipakita ang ilang kaibahan sa paggamit ng wika ng dalawang henerasyon. İlan sa mga naitalang pagkakaiba ay ang bokabularyo, pormalidad ng wika, estilo ng pananalita at paraan ng pakikipagkomunikasyon. Nakita rin na ang henerasyon ng Millennials ay mas gumagamit ng pormal na wika kaysa sa Gen Z. Ganoon din ito sa mga ekspresyon na hindi na rin kuha ng mas naunang henerasyon.

Sa madaling salita ang patuloy na pakikipag-ugnayan ng Gen Z sa digital na mundo ay isang malaking dahilan ng pagkalimot sa ibang termino o salitang Meranaw. Ang mga nakasanayan at paggamit ng pagpapaikling salita ay nakaka-apekto sa preserbasyon ng wikang Meranaw. Sa paraan at estilo ng pakikipagkomunikasyon at pananalita ng dalawang henerasyon ay kinakitaan rin ng pagkakaiba. Ipinakita sa pag-

aaral na ang henerasyong Millennials ay napag-alamang gumagamit ng marespetong tono, magagalang na pananalita at maayos na pakikipag-ugnayan sa guro. Ang mga katangiang ito ay makikita pa rin sa Gen Z, ngunit mangilanngilan lamang. Napag-alaman din sa pag-aaral na ang pakikitungong ito ng mga mag-aaral ng Gen Z sa kanilang guro ay epekto ng kanilang napapanood at nakasanayan.

Lumabas rin sa pag-aaral na ang paggamit ng midya at teknolohiya ay may mabuti at masamang epekto sa paggamit ng wikang Meranaw sa loob ng klasrum. Ang mga nabanggit sa itaas ay ilan lamang sa nakitang pagkakaiba sa paggamit ng wikang Meranaw sa loob ng klasrum sa pagitan ng Millennials at Gen Z. Patunay lamang ito na ang edad ay nakakapagpabago sa ebolusyon ng wika sa paglipas ng panahon.

Dahil dito, isa sa rekomendasyon ng mananaliksik ay ang pagkakaroon pa ng higit at malalim na integrasyon ng katutubong wika sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum, nang sa ganoon ay higit pang mapahalagahan ang paggamit ng wikang Meranaw. Ang paggamit ng katutubong wika o Mother Tongue sa primaryang baitang ay malaking tulong sa mga mag-aaral upang mas maunawaan ang mga aralin at ang mga asignaturang itinuturo. Ang pagbabalik ng Mother Tongue ay malaking pundasyon sa mga mag-aaral upang mas kilalanin pa ang kultura at identidad ng bawat isa, higit sa lahat ito ay mabisang panturo sa mga mag-aaral upang maging isang batang makabayan at makabansa, na siyang tulong sa kurikulum ng edukasyon. Iminuungkahi rin ng mananaliksik na magkaroon ng mas malawak na pag-aaral at mas maraming bilang ng respondente upang mas makita ang pagbabagong naganap sa wika partikular ang wikang Meranaw sa loob ng klasrum.

## Pagkilala

Ang mga mananaliksik ng pag-aaral na ito ay lubos na nagpapasalamat sa pagkakataong ibinigay ng Programang Gradwado ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika na udyukin sila na makagawa ng isang makabuluhang awtput sa sosyolinggwistiks lalo na sa nakasaad na paksa sa riserts na ito. Kinikilala rin ang ambag ng mga taga-rebyu ng artikulo sa lalong ikinabuti nito.

## Pahayag ng Salungatan ng Interes

Tinitiyak ng mga mananaliksik na ang papel na ito ay walang anumang salungatan ng interes mula sa ibang tao o organisasyon.

## Mga Reperensya

Bencsik, A., Horváth-Csikós, G., & Juhász, T. (2016). Y and Z generations at workplaces. *Journal of Competitiveness, 8*(3), 90–106. https://doi.org/10.7441/joc.2016.03.06

Byrne, M. M. (2001). Understanding life experiences through a phenomenological approach to research. *AORN Journal, 73*(4), 830–832. https://doi.org/10.1016/S0001-2092(06)61812-7

Creswell, J. W. (2013). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (3rd ed.). SAGE Publications.

Crystal, D. (2006). Language and the Internet (2nd ed.). Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9780511487002

Jebaselvi, C., Mohanraj, K., Thangamani, A., & Kumar, M. (2023). The impact of social media on the evolution of language and communication trends. *Shanlax International Journal of English, 12*(1), 41–44. https://doi.org/10.34293/english.v12i1.6725

Jenkins, J. (2015). Global Englishes: A resource book for students (3rd ed.). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315761596

Jeresano, E. M., & Carretero, M. D. (2022). Digital culture and social media slang of Gen Z. United International Journal for Research & Technology (UIJRT), 3(4), 11–25. https://uijrt.com/paper/digital-culture-social-media-slang-gen-z

Juli, A., Suci, M. S., & Esti, A. (2024). The discourse of Gen Z in social media network: Inputs to English language teaching. *Semantik: Jurnal Riset Ilmu Pendidikan, Bahasa dan Budaya, 2*(3), 206–215. https://doi.org/10.61132/semantik.v2i3.792

LeDuc, D. (2019). *Generation Z: A new post-Millennial generation is beginning to take shape and is looking like the most demographically diverse ever*. *Trust Magazine*. https://www.pew.org/en/trust/archive/spring-2019/who-is-generation-z

Maghirang, T. (2019). Get ready for tech-savvy Gen Z! The Manila Times. https://www.manilatimes.net/2019/03/24/business/sunday-business-i-t/get-ready-for-tech-savvy-gen-z/530014

Moremen, C., Hoogsteden, J., & Birrell, E. (2024). Generational differences in understandings of privacy terminology. *Proceedings on Privacy Enhancing Technologies, 2024*(3), 589–605. https://doi.org/10.56553/popets-2024-0094

Nobleta, V., & Eliaga, C. (2024). Ang mga morpolohikal na proseso ng mga salitang GenZ. *International Journal of Research Studies in Education, 13*(16), 55–73. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24831

Pandapatan, A. M., Pandapatan, S. A. T., Hussain, B. S., Hadji Jamel, A. J. A., Hadji Socor, N. U., Abaton, S. Z. M., Singer, N. H., Ali, A. A., Ampuan, I. M., & Alangca-Azis, J. D. (2026). Meranaw language vitality in select Lanao municipalities: A preliminary assessment. Rainbow: Journal of Literature, Linguistics and Cultural Studies, 15(1), 21–31. https://journal.unnes.ac.id/journals/rainbow

Pandapatan, A. M., Ali, A. A., Macarambon, A. T., Altamia, C. G., Ramos, N. U., Hadji Socor, N. U., Abaton, S. Z. M., & Pantao, A. G. (2025). Language Vitality Case of Higaonon Language in Rogongon, Iligan City. *European Journal of Science, Innovation and Technology, 4*(6), 92-106. https://ejsit-journal.com/index.php/ejsit/article/view/580

Smith, J. A., Larkin, M., & Flowers, P. (2021). Interpretative phenomenological analysis: Theory, method and research. https://www.torrossa.com/it/resources/an/5282221

Soriano, C. R., & Cabalquinto, E. C. (2022). Philippine digital cultures: Brokerage dynamics on YouTube. https://www.torrossa.com/gs/resourceProxy?an=5384615&publisher=FZ0675

Sydnor, W. (2023). Concerning the different pronunciations of "our," how does the pronunciation affect people of generational and foreign language background differences? *Journal of Student Research, 12*(1). https://www.researchgate.net/publication/370515604_Concerning_the_different_pronunciations_of_our_how_does_the_pronunciation_affect_people_of_generational_and_foreign_language_background_differences

Wiedmer, T. (2015). Generations do differ: Best practices in leading traditionalists, boomers, and generations X, Y, and Z. *Delta Kappa Gamma Bulletin*, *82*(1). https://www.proquest.com/docview/1770514324?accounted=458

Yang, Y. (2024). Research on the impact of internet language on communication. Communications in Humanities Research, 46, 162–166. https://doi.org/10.54254/2753-7064/46/20242298

*Ambag ng May-akda:* Mamongcal, R.; Pangunahing awtor na nanguna sa konseptuwalisasyon ng pananaliksik hanggang sa pagkakabuo nito. Villastique, C.M.; Exsan, N.; Bala, C.A.; Tumulong sa pagsusuri ng mga datos ng pananaliksik at nagbigay ng mahahalagang detalye sa papel upang mapagtibay ang argumento. Pandapatan, A.; Naging katuwang at tagagabay ng pangunahing awtor sa maayos na konseptuwalisasyon nito, nagbigay ng sapat na puna para sa ikauunlad ng pag-aaral at tiniyak na nasusunod ang etikal na pamamaraan ng pagsulat ng pananaliksik.